**WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL**
**Aralin 52**

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 52** |
| --- |
| Theme: Mga Kakatwang Mundo at Pangyayari - ”Hanggang Sa Muli, Neverland!” |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Hanggang Sa Muli, Neverland**

**WRITING PROMPT LESSON 52**

---

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa nakaraang pagsulat, naligtas na si Ting na siyang magiging tulay upang makabalik ka sa iyong tahanan. Ano kayang nangyari matapos niyong maligtas si Ting? Ating alamin!

**II.Writing Prompt of the Day**
Matapos niyong makatakas sa barko ni Kapitan Patalim, nagsimula na kayong bumalik sa bahay ni Pete Pan at ng mga Batang Ligaw, kasama ang nakalayang si Ting. Pag-uusapan niyo naman kung paano ka makakabalik sa iyong bahay.

Ayon kay Pete Pan, paglipad ang kailangan para makabalik sa iyong tahanan. Itinuro niya si Ting. Ayon sa kanya,nakakalipad si Ting dahil sa “fairy dust!” Nilabas ni Peter ang isang maliit na telang supot. Umikot ikot dito si Ting, at unti-unti itong napuno ng fairy dust. Matapos mapuno ito ang sinabi ni Pete, ”Makakauwi ka na.”

Ika'y kanyang binudburan ng fairy dust. Unti-unti kang lumulutang! Ginabayan ka ni Pete upang makalipad ng maayos. Unti-unti nilisan niyo ang bahay ng mga Batang Ligaw, pati ang Neverland na unti-unting lumiliit mula sa malayo... dugtungan ang pagtatapos ng kwento!

•Ano ang hugis ng isla ng Neverland mula sa malayo?
•Ano ang pakiramdam mo habang lumilipad papalayo?
•Pagdating ng Pilipinas, ano-anong mga lugar ang nadaanan niyo mula sa itaas?
•Anong pakiramdam mo ngayong nasa Pilipinas ka na ulit?
•Natanaw mo na ang iyong bahay, tila hindi nagbago ang oras mula nang ika'y nawala, ano ang nasa isip mo nang makita ang iyong bahay?
•Bago tuluyang magpaalam kay Pete Pan, anong nais mong sabihin sa kanya?
•Paano babalik si Pete pabalik ng Neverland?
•Nawala man si Pete Pan, ano ang hindi mo makakalimutan sa iyong paglalakbay sa Neverland?

**III.Teacher's Message**
Maraming tanong ang nasa taas, sagutin ang mga ito upang ika'y tuluyang makauwi sa iyong tahanan! Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."